

20. Panginoon, dalangin namin na ang karahasan sa mga pamilya higit lalo laban sa mga kabataan, kababaihan at mga matatanda na nawa ay matigil na sa mga bansa ng Latin American. (2 Sam. 22:3-4)

21. Ama, sa patuloy na pag-abot sa susunod na henerasyon ng aming pangunahing opisina sa U.S., gawaran mo nawa ang aming pangkat ng karunungan kung paano pa makikipagtulungan sa mga grupo na masigasig sa kanilang adhikain na maibahagi din sa kanila ang misyon ng TWR Women of Hope. (Ps. 145:4)

22. Panginoon, gawaran mo nawa ng lakas at kasigasigan sa gawain ang mga lider sa Bonaire sa kanilang pagkalap sa mga koleksyon ng mga kantang pagsamba at papuri sa Papiamentu, na kanilang katutubong lengguwahe. (Heb. 12:1)

23. Ama, dalangin namin na ang mga batang babae sa Argentina ay lumakad ng may kalapitan kay Hesus. Kasangkapanin mo nawa ang mga mananampalataya na bautin ang mga batang babae na mga ito at maibahagi sa kanila ang ebanghelyo. (Col. 2:6)

24. Sa Uruguay maraming nangyayaring pang-aabuso sa loob ng tahanan at mga seksuwal na pang-aabuso sa mga babae at batang mga kababaihan. Panginoon, hinihiling po namin na ang mga programa ng *Women of Hope* ay patuloy na magpalakassa mga kababaihan kay Kristo Hesus. (Deut. 31:6)

25. Mahal naming Ama, tulungan mo nawa ang mga pangkat na nakikiisa sa regional na ministeryo ng TWR pati na rin ang Paraguayan na national partner na nagpapalawig ng pagsasahimpawid ng mga programa sa pamamagitan ng kanilang mga malalawak na estasyon ng radyo. (Acts 13:49)

26. Panginoon, dalangin namin na ang may mababang kita na mga kababaihan sa Brazil ay magkaroon ng akses sa mga mahahalagang gamit pangkalinisan na pangunahin para sa kanilang kalusugan. (Ps. 68:10)

27. Makapangyarihang Diyos, dalangin po namin na ang mga nasa kapangyarihan nawa ay maging masigasig sa pagpatupad ng mga polisiya ptungkol sa pagkapantay-pantay ng kasarian at sa paglaban sa karahang seksuwal sa rehiyon ng Latin America at sa the Caribbean. (1 Tim. 2:1-4)

28. Panginoon, ang mga kababaihang Spanish at Latin American nawa ay mapagtanto na sila ay mahalaga sa'yo at sa kanilang mga komunidad. Palakas mo nawa ang kanilang mga kaisipan, pangangatawan at mga emosyon; lubos nawa silang magpasakop sa iyo. (Eph. 1:3-5)



Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2022. 02.

Panalangin para sa buong Amerika 2

Ikinakalat ng Women of Hope ang pag-ibig ni Jesus sa 24 na bansa sa kontinente ng America sa pamamagitan ng pag gawa ng programa sa 5 wika. Tayo ay nananalanging sama-sama sa pamamagitan ng paggawa ng prayer calendar sa English, Portuguese, Spanish, at French, at ang ministeryo sa bilangguan ng Buen Pastor sa Paraguay ay napaka aktibo. Ipanalangin natin na ang pag-ibig at pag-asa ni Jesus ay madala sa mga kababaihan sa pamamagitan ng ministeryo ng Women of Hope sa bawat bansa ng Americas.

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Panginoon, pinupuri namin ang iyong pangalan dahil sa ang ang programang *Women of Hope* sa Spanish na nagdiriwang ng ika-21 na anibersaryo ay naisasahimpapawid sa buong Amerika sa pamamagitan ng radyo, ng internet at social media. (Isa. 55:11)
2. Panginoon, iniiyak po namin kasama ang mga kamag-anak ng mga naglaho sa Mexico dulot ng karahasan. Aliwin at bigyang lakas mo nawa ang mga kamag-anak nila sa kanilang pasakit at kawalang katiyakan. (Ps. 23:4)
3. Mahal naming Diyos, idinadalangin namin ang mga bata at mga kababaihan na Colombian na hindi nauunawaan ang kanilang halaga at dignidad sa'yo. Matutunan nawa nila at mayakap ito, ang pagiging babae ng naayon sa iyong nais at disenyo. (Gen. 1:27)
4. Oh Diyos, hinihiling po namin na ang mga kababaihan sa Peru ay magbigyang edukasyon at maunawaan ang kahalagahan ng kung tawagin ay *preventive health care*. (1 Cor. 6:19-20)
5. Panginoon, dalangin namin ang mga kalalakihan, kababaihan, mga bata at mga matatanda na nasa labis na kahirapan sa Dominican Republic na nangamatay sa pagkabalisa nang hindi nabibigyang aruga ng kanilang mga pamilya o ng mga programa ng gobyerno. (Deut. 15:7-8)
6. Oh Diyos, hiling po namin ang iyong pagkakaloob ng mga bagong magiging kaakibat sa mga gawain sa Canada at mga oportunidad na katagpuin ang mga espirituwal, pisikal, at emosyonal na mga pangangailangan ng mga kababaihan doon. (Gal. 6:9)
7. Salamat po, o Diyos, na ang pangkat sa Paraguay ay nakapagsimula ng mga gawain at aktibidad sa New Opportunity Home, kung saan ang mga nakapiit doon kahit paano ay malayang nakakakilos. (Isa. 61:1)

8. Mahal naming Diyos, gawaran mo nawa ang mga inang Cuban na walang asawa ng labis na karunungan at pagkaunawa sa kanilang pag-aruga sa kanilang mga pamilya sa gitna ng labis na krisis sa ekonomiya at paghihirap sa kanilang bansa. (Ps. 119:66)

9. Panginoong Diyos, habang lumalaki po ang populasyon at dumarami ang lahi sa Bonaire, tulungan mo nawa sila na maging matiisiin, at magpakita ng respeto sa isa't-isa upang makapagtulungan. Tumingin nawa sila sa Iyo bilang kanilang halimbawa. (Matt. 7:12)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.

Website: www.twrphilippines.com

Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660

Facebook: TWR Phils

10. Mahal naming Ama, hiling po namin na ang mga babae mula sa mga imigranteng pamilya ay makuha ang tamang balanse sa kanilang hirap na pamumuhay ng pareho sa pagitan ng dalawang kultura. Masumpungan nawa nila ang kapayapaan kay Kristo. (Phil 4:6-7)

11. Panginoon, dalangin namin na magkaroon pa ng mas maraming Kristiyanong bahay-silungan sa Brazil para sa mga nakaranas ng *domestic violence* at pang-aabuso. Maging ligtas nawa itong mga lugar para sa mga kababaihan at mga pamilya para kanilang makilala si Hesus. (Ps. 46:1)

12. Ama, tinatayang 1.5 milyong mga kabataan ang hindi nag-aaral sa Latin America. Kumilos ka po nawa sa mga puso ng mga nasa kapangyarihan na gawing prayoridad ang edukasyon. (Prov. 18:15)

13. Panginoon, pinupuri ka namin dahil maraming mga kababaihan sa Uruguay ang nagtitipon upang manalangin bawat gabi habang kanilang pinakikinggan ang mga kahilingan sa panalagin na mga ito na araw-araw naisasahimpapawid sa radyo o kanilang binabasa sa internet. (Jer. 29:12)

14. Panginoon, magbigay probisyon ka po nawa para sa mga batang naulila dahil sa pinatay ang kanilang mga ina o nagpakamatay. (Ps. 10:14)

15. Panginoong Pinakamakapangyarihan, magbukas ka po nawa ng mga pinto para sa mga kababaihang nasa piitan sa Dominican Republic na kanilang mapakinggan ang ebanghelyo. Makasumpong nawa sila ng kalayaan at mapanumbalik sila sa dati bagamat sila ay pisikal na nakakulong. (John 8:36)

16. Ama, kahabagan mo nawa ang mga kababaihan sa Colombia sapagkat mataas at lumala ang kaso ng *femicide dahil* narin sa mga ilang umiiral na hadlang at magulong sistema ng hustisya sa mga liblib na mga lugar ng bansa. (Isa. 49:13)

17. Panginoon, gawin mo po nawang maging mas sensitibo at mahabagin ang mga puso ng mga mananampalataya at magawa nilang makiisa sa mga ministryo para sa mga pasyente ng COVID-19 sa Latin America. (1 John 3:17)

18. Ama, dalangin namin na ang mga batang kababaihan sa mga rural na bahagi ng Paraguay ay magkaroon ng akses sa pormal na pagsasanay at edukasyon. (Prov. 4:13)

19. Ama, gawaran mo po nawa, sila na kaakibat sa TWR Women of Hope sa the Dominican Republic, ng iyong kalakasan at pagiging malikhain sa kanilang paglilingkod at pakikiisa sa gawaing ito. (Isa. 40:31)